

Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Tob 12:6

BENEDICIMUS Deum cœli et coram ómnibus vivéntibus confitébimur ei: quia fecit nobíscum misericórdiam suam.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

PROFICIAT nobis ad salútem córporis et ánimæ, Dómine, Deus noster, hujus sacraménti suscéptio: et sempiternæ sanctæ Trinitátis ejusdémque individúæ Unitátis conféssio. Per Dominum.

Paggunita sa Unang Linggo Makalipas ang Pentecostes

TANTIS, Dómine, repléti munéribus: præsta, quæsumus; ut et salutária dona capiámus, et a tua numquam laude cessémus. Per Dominum.

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia

Latin Mass Society of Cavite

Comision Para sa Pagsasalin

Kaya't sa pagsampalataya namin sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng Inyong kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

PURIHIN natin Dios ng langit, at sa harap ng tanang nilikha Niya'y pinarangalan namin, sapagka't siya'y nagdalang-awa sa atin.

PANGINOON, magkabisa nawa sa aming kaluluwa at katawan ang sakramentong natanggap namin. Loobin Mong ang aming pamumuhay ay maayon sa pagsamalataya namin sa banal na Santatlo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PANGINOON, kaming mga pinuspos Mo ng iyong umaapaw na kaloob ay makamit nawa ang iyong kaligtasan at awitan ka ng mga papuring walang humpay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

LINGGO NG SANTÍSIMA TRINIDAD (SA UNANG LINGGO MAKALIPAS ANG PENTECOSTES)

Misa "Benedicta Sit"

• *I cl.* • *Doble I cl.* • *Puti*

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Tob 12:6

BENEDICTA sit sancta Trínitas atque indivísa Unitas: confitébimur ei, quia fecit nobíscum misericórdiam suam. — *Ps 8:2* Dómine, Dóminus noster, quam admirábile est nomen tuum in univérsa terra! *V.* Gloria Patri. Benedicta sit.

PURIHIN ang banal na Santatlo, at ang 'di mahahating Kaisahan: purihi't luwalhatiin natin Siya, sapagka't sa ati'y Siya'y nagdalang-awa. — *Salmo 8:2* Panginoon, aming Panginoon, kahanga-hanga ang iyong ngalan sa buong sangkalupaan! *V.* Luwalhati sa Ama. — Purihin...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Dios)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

OMNIPOTENS sempitérne Deus, qui dedísti fámulis tuis in confessióne veræ fidei, æternæ Trinitátis glóriam agnóscere, et in poténtia maiestátis adoráre Unitátem: quæsumus; ut, eiúsdem fidei firmitáte, ab ómnibus semper muniámur advérsis. Per Dominum.

O DIOS NA MAKAPANGYARIHAN at walang-hanggan, niloob Mong makilala ng iyong mga lingkod ang kaluwalhatian ng Banal na Santatlo sa kanilang pagsamapalataya at sa pagsamba sa kamahalan ng Inyong Kaisahan. Ipagkaloob mong sila na nananalig na matibay sa misteriong ito ay maligtas naman sa lahat ng anumang kapahamakan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Unang Linggo Makalipas ang Pentecostes

DEUS, in te sperántium fortitúdo, adésto propítius invocatióibus nostris: et, quia sine te nihil potest mortális infirmitas, præsta auxiliúm grátia tuæ; ut, in exsequéndis mandátis tuis, et voluntáte tibi et actióne placeámus. Per Dominum.

O DIOS, ikaw ang lakas ng mga umaasa sa Iyo. Dinggin Mo sana ang aming kahilingan. Sapagka't kami'y mahina kung wala ang iyong pagtataguyod, lingapin mo kami sa tulong ng iyong pagpapatnubay, upang makasunod sa iyong mga utos at gawin lagi ang nakalulugod sa Iyo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma.

LUBHANG napakasagana ng kayamanan ng Dios! Di matarok ang kanyang karunungan at kaalaman! Sino ang makakapagpaliwanag ng kanyang mga kapasyahan? Sino ang makauunawa ng kanyang mga pamamaraan? Gaya ng nasusulat, “Sino ang nakaaalam sa pag-iisip ng Panginoon? Sino ang maaaring maging tagapayo niya? Sino ang nakapagbigay ng anuman sa kanya na dapat niyang bayaran?” Sapagkat ang lahat ng bagay ay mula sa kanya, sa pamamagitan niya, at pag-aari niya. Sa kanya ang karangalan magpakailanman. Siya nawa. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Dn 3:55-56; 3:52

BENEDICTUS es, Dómine, qui intuérís abyssos, et sedes super Chérubim,

V. Benedíctus es, Dómine, in firmaménto cæli, et laudábilis in sæcula.

Allelúia, allelúia. *V.* Benedíctus es, Dómine, Deus patrum nostrórum, et laudábilis in sæcula. **Alleluia.**

KAPURI-PURI ka, Panginoon, ikaw na naluluklok sa ibabaw ng mga Kerubin, upang tunghayan ang kailaliman.

V. Kapuri-puri ka, Poon, sa silong ng langit! Karapat-dapat kang parangalan kailanpaman.

Aleluya, aleluya! *V.* Kapuri-puri ka, Poong Dios ng aming mga ninuno! Karapat-dapat kang parangalan kailanman. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 27:18-20

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Lumapit si Jesus at sinabi sa kanila, “Ibinigay na sa akin ang lahat ng kapangyarihan sa langit at sa lupa. Kaya’t humayo kayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng mga bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako’y laging kasama ninyo hanggang sa katapusan ng panahon.” — *R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.*

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya.

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Tob 12:6

BENEDICTA sit Deus Pater, unigenitúsque Dei Fílius, Sanctus quoque Spíritus: quia fecit nobíscum misericórdiam suam.

PURIHIN natin ang ating Poong Dios Ama, at ang iisang Bugtong na Anak ng Dios, pati ang Espiritu Santo, sapagka’t sa atin Siya ay nagdalang-awa.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SANCTIFICA, quásumus, Dómine, Deus noster, per tui sancti nóminis invocatiónem, hujus oblatiónis hóstiam: et per eam nosmetípsos tibi pérfice munus ætérnum. Per Dominum.

PANGINOON naming Dios, pabanalín Mo ang paghahain na ito sa pagtawag namin sa Iyong ngalan. Sa mga ito’y maging panghabang-buhay kaming mga ganap na handog na alay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Paggunita sa Unang Linggo Makalipas ang Pentecostes

HOSTIAS nostras, quásumus, Dómine, tibi dicátas placátus assúme: et ad perpétuum nobis tríbue proveníre subsidium. Per Dominum.

PANGINOON, malubag sana ang iyong kalooban at malugod na tanggapin ang mga haing itinalaga namin sa Iyo. Magdulot nawa sa amin ito ng tulong magpakailanman. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Panginoon, Amang banal, Dios na makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona.

Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus.

Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong ipinahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din naman sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.